# PANANALIG NA MAY MALALIM NA EPEKTO

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder
Hulyo 23, 2022

Ang pagpalalim ng pananalig ay isang matinding pagkilos para magkaroon ng mas mahusay na impluwensya sa kapwa. Ang ibig sabihin ng epekto ng pananampalataya (mula sa *latin word* "FIDERE") ay magtiwala at maniwala sa Diyos. Sa grasya ng ating binyag, itinalaga natin ang ating paniniwala sa Diyos na Siyang gumagabay sa bawat hakbang natin. Pinili nating magtiwala sa Kanya at mahalin at sumunod sa daan na gusto Niya para sa atin. Kapag nangyari ito, tayong mga mananampalataya ay nakalilikha ng magandang epekto sa ating pananampalataya hindi lamang sa ating sarili kundi sa ating komunidad.

1. **Mga tauhan sa Bibliya na nag-iwan ng magandang epekto sa ating pananampalataya:**

1.1 Si Abraham, ang taong may tunay na pananampalataya, ay isinakripisyo ang kanyang anak na si Isaac dahil sa kanyang pagsunod at di natitinag na pananalig sa Diyos (Gen.22:1-12).

1.2 Ang babaeng dinudugo ng 12 taon na naniwala na gagaling kung mahahawakan lamang niya ang laylayan ng balabal ni Hesus ay tuluyang gumaling (Marcos 5:29).

1.3 Si Bartimaeus na bulag ay naniwala na kaya siyang pagaling ni Hesus at muli siyang makakikita (Marcos 10:46-52).

1.4 Si Pablo na ang misyon ay magdulot ng magandang ehemplo sa mga mananampalataya mula noon hanggang ngayon.

**2. Lumago sa pananampalataya:**

"Magpatuloy kayo sa paglago sa kabutihan at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo"(2 Pedro 3:18).

**3. Mga paraan upang ang pananalig ay may mahusay na epekto**:

3.1 Sa pagharap at pagkamit ng tagumpay sa ating mga kahirapan ang nagpapatibay sa ating pananalig. Ang aming mga Elders na sina Sis. Techie at Bro. Bobby ay nakaranas din ng napakaraming pagsubok ngunit napagtagumpay nila ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang matibay na pananalig. Kaya bibiyayaan tayo ng Diyos at gagamitin ayon sa ating paniniwala.

3.2 Higit nating nakikilala ang Diyos kung nauunawaan natin ang Kanyang mga katangian. Dapat natin makilala na Siya ay makapangyarihan sa lahat, nakikita Siya sa lahat ng dako at alam Niya ang lahat ng bagay (2Pedro 3:8).

3.3 Ang pagbasa at pagmuni-muni sa Salita ng Diyos (Bibliya) ang nagpapaliwanag ng sagot sa ating mga tanong sa ating isipan. Makikita natin ang lahat ng kasagutan sa Bibliya (Roma 10:17).

3.4 Gamitin ang mga panuntunan ng Kanyang Salita. Upang lumago ang ating pananampalataya, sundin ang Kanyang kalooban (Santiago 2:17). Ang mga panuntunan ng Diyos:

3.4.1 Si Hesukristo ang Panginoon ng ating buhay at isipan.
3.4.2 Mahalin nang buong puso ang Diyos at kapwa.
3.4.3 Responsibilidad natin ang gumawa nang tama, magbigay ng katarungan at habag.
3.4.4 Tumulong sa mga gawain sa komunidad.

3.5 Sundin ang paraan ng Diyos.
3.6 Subaybayan ang Kanyang mga gawa.
3.7 Sumunod sa kalooban ng Diyos.
3.8 Tanggapin ang tugon ng Diyos sa ating mga panalangin (Mk.11:24).
3.9 Sambahin ang Diyos.
3.10 Aminin ang ating pagkukulang sa pananalig.
3.11 Gayahin si Hesus (Gal.2:20).

**Konklusyon:**

Ang ating pananampalataya sa Diyos ay dapat ganap, bagamat paminsan-minsan nag-aalinlangan tayo sa Kanyang mga pamamaraan dahil hindi natin ito nauunawaan. Lumakad tayo sa Kanyang liwanag nang walang pangamba.

**Pagninilay:**

1. Sumusunod ka ba sa mga pamamaraan ni Hesus? Ano sa mga ito ang nagpabago sa iyo?
2. Ano kaya ang magandang naidulot ng iyong pananampalataya sa iyo at sa iyong kapwa?
3. Magpupuri ka pa rin ba sa Diyos at magkakamit ng kapayapaan kung nasa gitna ka ng pagsubok at kahirapan?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Panalangin